

ABISO SA PAGKAPRIBADO PARA SA APP

1. PANIMULA

- 1.1 Ipinapaliwanag ng Abiso sa Pagkapribado na ito kung paano kinokolekta at ipinoproseso ng WSA ang iyong personal na datos kapag ginamit mo ang Mobile Fitting App/Connexx Fit2Go App (“tutukuyin bilang App mula rito”).
- 1.2 Sa saklaw ng iyong paggamit sa App, ipoproseso ang iyong personal na datos alinsunod sa Patakaran sa Pagkapribado na ito at sa naaangkop na batas kung saan napapailalim ang mga Tagakontrol ng Datos na tinutukoy sa ibaba, kabilang ang General Data Protection Regulation (EU) 2016/679 ng 27 April 2016 kaugnay ng proteksyon ng mga natural na tao patungkol sa pagpoproseso ng personal na datos at sa libreng paglilipat sa naturang datos (tutukuyin bilang “GDPR” mula rito).

Tumutukoy ang ‘personal na datos’ sa anumang impormasyong nauugnay sa isang tinukoy o natutukoy na natural na tao (‘subject ng datos’).

2. MGA RESPONSABLE AT OPISYAL SA PROTEKSYON NG DATOS

- 2.1 Responsable ang lahat ng sumusunod sa pagpoproseso sa iyong personal na datos sa konteksto ng App:

WS Audiology Denmark A/S.

Reg. no. 40296638

Nymøllevej 6,

3540 Lynge Denmark

Phone +45 44 35 56 00

E-mail: privacy@wsa.com

Sivantos GmbH.

Reg. no. DE30144051,

Henri-Dunant-Straße 100,

91058 Erlangen, Germany

Numero ng telepono: +49 91313080

E-mail: privacy@wsa.com

Sivantos Pte. Ltd.,

Reg. no. 198600657G,

18 Tai Seng Street, #08-08,

Singapore 539775

Numero ng telepono: +65 6370 9666

E-mail: privacy@wsa.com

Maaari ka ring direktang makipag-ugnayan sa opisyal sa proteksyon ng datos (“DPO”) ng Sivantos GmbH at WS Audiology Denmark A/S, na siyang responsable sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa proteksyon ng personal na datos para sa Sivantos GmbH at WS Audiology Denmark A/S. Pakigamit ang sumusunod na email address: dpo@wsa.com.

- 2.2 Magkakatuwang na tinutukoy ng mga Tagakontrol (tutukuyin din mula rito bilang: “WSA”, “kami”, “amin”, “namin”) ang mga paraan at layunin ng pagpoproseso sa iyong personal na datos. Dahil dito, kumikilos kami bilang magkakatuwang na tagakontrol at sumang-ayon kami sa isang kasunduan na nasasaklawan ang aming mga kaukulang responsibilidad sa ilalim ng Art. 26 ng GDPR.

Bilang pagbubuo, nagkasundo kami na ang WS Audiology Denmark A/S ang pangunahing responsable sa pagtitiyak na may batayang naaayon sa batas ang aming pagpoproseso at na alam mo ang aming pagpoproseso at ang iyong mga karapatan. Bukod dito, ang WS Audiology Denmark A/S ang responsable sa pagtugon sa anumang kahilingan mo.

Ang WS Audiology Denmark A/S at Sivantos GmbH ay parehong responsable para sa pagprotekta sa personal na datos na nakolekta at sa pagtatanggal sa iyong personal na datos.

Sa kabila ng nabanggit, maaari mong igiit ang iyong mga karapatan sa at laban sa alinman sa mga tagakontrol ng datos.

3. ANG DATOS NA AMING KINOKOLEKTA, ANG LAYUNIN AT ANG LEGAL NA BATAYAN PARA SA PAGPOPROSESO

- 3.1 Makakatanggap ka ng access code na random na binuo para makapasok sa App. Hindi namin itatabi ang code na ito at samakatuwid, hindi ka namin matutukoy.
- 3.2 Kapag ginagamit mo ang App, kokolektahin namin ang teknikal na datos tungkol sa modelo ng iyong telepono o tablet, ang operating system at bersyon na ginamit at ang bansa kung saan ginagamit ang App. Bukod dito, kokolektahin namin ang pangalan at bersyon ng App, kung kailan at gaano katagal ginagamit ang isang partikular na feature sa App pati na rin ang petsa kung kailan na-install ang App.

Pagsasama-samahin namin ang datos na nabanggit sa itaas at iuugnay ito sa isang random na ID na nagagawa kapag in-install mo ang App.

- 3.2.1 Ang pagpoproseso sa mga datos na ito ay kinakailangan upang makamit ang aming lehitimong interes sa pangangalaga, pag-troubleshoot at pagsasagawa ng mga pagpapahusay sa App at upang mapahusay ang mga produkto at serbisyong iniaalok ng WSA sa pangkalahatan (Artikulo 6(1) (f) ng GDPR).

4. PAANO KINOKOLEKTA ANG IYONG PERSONAL NA DATOS

- 4.1 Ang lahat ng datos na kinokolekta at ipinoproseso namin ay kukunin sa iyong App.

5. PAGBUBUNYAG SA IYONG PERSONAL NA DATOS

- 5.1 Ang iyong personal na datos ay maaaring ibunyag sa mga ikatlong partido na nagpoproseso ng personal na datos sa ngalan namin at samakatuwid ay nagsisilbing (mga) tagaproseso namin ng datos. Gumagamit kami ng mga ikatlong partido bilang mga hosting provider. Sumang-ayon kami sa mga kasunduan sa pagpoproseso ng datos na sumusunod sa artikulo 28 ng GDPR sa lahat ng aming mga tagaproseso ng datos upang matiyak na nagpapatupad ang mga naturang tagaproseso ng datos ng mga naaangkop na hakbang sa pang-organisasyon at teknikal na seguridad sa paraan kung saan sumusunod ang pagpoproseso sa mga kinakailangan ng GDPR at tinitiyak nito ang proteksyon ng iyong mga karapatan.

6. PAGLILIPAT NG IYONG PERSONAL NA DATOS SA MGA IKATLONG BANSA

- 6.1 Maaaring ilipat ang iyong datos sa aming mga tagaproseso ng datos na itinatag sa labas ng EEA. Dahil dito, maaaring magkaroon ng paglilipat ng iyong personal na datos sa mga bansa sa labas ng EEA habang ginagamit ang App. Palagi naming tinitiyak na may naaangkop na antas ng proteksyon ng datos ang tatanggap ng iyong personal na datos at natutugunan nito ang mga iniaatas ng art. 44 ng GDPR o sumang-ayon ang tatanggap sa EU standard contractual clauses ng European Commission, cf. art. 46 ng GDPR.
- 6.2 Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon sa mga paglilipat ng datos sa itaas, maaari mo itong hilingin sa amin. Pakipadala ang iyong kahilingan sa amin tulad ng sinabi sa itaas.

7. ANG IYONG MGA KARAPATAN

- 7.1 Maaari kang makipag-ugnayan sa amin anumang oras. Mayroon ka ring isa o higit pa sa mga sumusunod na karapatan:
- May karapatan kang tumanggap ng impormasyon tungkol sa kung paano namin ipinoproseso ang iyong personal na datos at tumanggap ng kopya ng datos na itinatabi namin tungkol sa iyo (art. 15 ng GDPR).
 - May karapatan kang hilingin sa amin na iwasto ang anumang hindi kumpleto o hindi tumpak na impormasyong itinatabi namin tungkol sa iyo (art. 16 ng GDPR).
 - May karapatan kang hilingin sa amin na tanggalin ang iyong datos kung wala nang mainam na dahilan para itabi pa namin ito. Hangga't kailangan naming itabi ang iyong datos, halimbawa para makasunod kami sa aming mga legal na obligasyon o para maitakda, maipatupad o maipagtanggol ang mga legal na kinakailangan, hindi namin kailangang tanggalin ang iyong personal na datos (art. 17 ng GDPR).
 - May karapatan kang tumutol anumang oras, sa mga kadahilanang nauugnay sa iyong partikular na sitwasyon, sa pagpoproseso ng personal na datos tungkol sa iyo na isinasagawa batay sa art. 6 (1) (f) GDPR (pagpoproseso ng datos batay sa balanse ng mga interes).

Kung tututol ka, hindi na namin ipoproseso ang iyong personal na datos maliban kung makakapagpakita kami ng mga nakakakumbinsing lehitimong dahilan para sa pagpoproseso na mangingibabaw sa iyong mga interes, karapatan at kalayaan, o kung

para sa paggiit, paggamit, o pagtanggol sa mga legal na paghahabol ang pagpoproseso (art. 21 ng GDPR).

8. Maaaring may karapatan kang hilingin sa amin na limitahan ang aming pagpoproseso sa iyong personal na datos. Nagbibigay-daan ito sa iyong hilingin sa amin na suspindihin ang aming pagpoproseso, halimbawa, kung gusto mong patibayin namin ang katumpakan nito o ang dahilan sa pagpoproseso rito (art. 18 ng GDPR).
9. Maaaring may karapatan kang tanggapin ang personal na datos na ibinigay mo sa amin sa isang nakabalangkas, karaniwan at nababasa ng makina na format (“portabilidad ng datos”) at maaaring may karapatan kang ipadala ang datos na ito sa ibang taong responsable kung mayroon ng iniaatas sa art 20 (1) ng GDPR.

Kung naniniwala ka na lumalabag ang pagpoproseso sa iyong personal na datos sa batas sa proteksyon ng datos, mayroon ka ring karapatan sa ilalim ng art. 77 ng GDPR na magreklamo sa awtoridad na nangangasiwa sa proteksyon ng datos na gusto mo. Kasama rin dito ang awtoridad na nangangasiwa sa proteksyon ng datos na responsable para sa amin:

Datatilsynet

Carl Jacobsens Vej 35
2500 Valby
Denmark
Tlf. 33 19 32 00
dt@datatilsynet.dk

at

Bayerisches Landesamt für Datenschutzaufsicht

Promenade 18
91522 Ansbach
Germany
Telepono: +49 (0) 981 180093-0
Telefax: +49 (0) 981 180093-800
E-Mail: poststelle@lda.bayern.de

10. PAGPAPANATILI NG DATOS

- 10.1 Ang datos na ipinoproseso namin para sa mga layunin na pangangalaga at pag-troubleshoot ay tatanggalin sa loob ng 30 araw. Ang datos na kinokolekta, pinagsasama-sama at iniuugnay namin sa isang random na ID para sa pagsasagawa ng mga pagpapabuti sa App at upang mapahusay ang mga produkto at serbisyong iniaalok ng WSA sa pangkalahatan ay tatanggalin pagkatapos ng 3 taon.

11. MGA PAGBABAGO SA MGA ABISO SA PAGKAPRIBADO NA ITO

- 11.1 Maaari naming baguhin ang Abiso sa Pagkapribado na ito paminsan-minsan. Kung gagawa kami ng anumang mga pagbabago sa Abisong ito, maaabisuhan ka.

Huling na-update ang Abiso sa Pagkapribado na ito noong 05/20/2023.